# Problema sa plastic, tatapusin ni Mayor Joy sa QC

Tatapusin ni Quezon City Mayor Joy Belmonte ang problema sa plastic na basura sa lungsod.

Ito ay makaraang buksan ng lokal na pamahalaan sa pamamagitan ng Small Business and Cooperatives Development Promotions Office (SBCDPO) ang unang refilling station na tutulong na maresolba ang plastic pollution.

Inilunsad ng SBCDPO ang "Bring Your Own Bote (BYOB) Store" na isang zero-waste facility kung saan ang mga taga-QC ay magdadala ng kanilang sariling reusable bottles na maaaring makapag refill ng condiments tulad ng suka, toyo at langis.

Ang BYOB store na gawa sa eco-bricks ay nailunsad sa pakikipag tulungan ng Nutri Asia Inc. at ng QC Environment Protection and Waste Management Department.

"This initiative is part of the city's strong commitment to environmental sustainability. We are glad that NutriAsia chose us to be the first local government unit to engage with in this eco-friendly initiative," pahayag ni Mayor Belmonte.

Ang BYOB store ay matatagpuan sa Quezon City Hall compound at bukas sa mga refill bottles mula alas-8 ng umaga hanggang alas-5 ng hapon.

Mayroon din sa BYOB Store ng plastic collection drop box para sa discarded plastic bottles, containers, sachets, snack packs, plastic utensils at iba pang plastic materials. *(Angie dela Cruz)*